# Gabay sa Nagparitual sa Hustisya

Congrats sa pagpaparitual mo sa hustisya. Mas pinalakas natin ang pagsumpa sa taong nagkasala sa yo. Relax ka lang at wag ka mag-stress kasi hindi ikaw ang nagkasala. Mas mabuti na lang na ibang tao ang magkasala sa atin kesa tayo ang magkasala sa iba. Ngayon ay dumaraan tayo sa tamang proseso para makuha natin ang karampatang hustisya.

Patuloy ka lang sa paggawa ng kabutihan. Wag ka gumawa ng kasamaan. Kung ano ang ginawa sa yong kasalanan ay tatapatan yan ng Diyos at ng mga santos (lalo na si Señor San Antonio de Padua) at yan din ang gagawin nilang pagpataw na parusa sa gumawa ng kasalanan sa yo.

Wag mo asahan na sumobra kesa sa karapatdapat. Wag ka din gumawa ng mga bagay na nasa sarili mo ng kamay para hindi ka madamay sa kasalanan nila sa yo. Maaaring mangyari ang kamalasan, kabiguan o sakit sa taong ginawan natin ng ritual sa hustisya. Kadalasan ay magdudulot ito ng kawalan ng tulog para sa taong nagkasala. Magmasid ka lang at magpatuloy sa pagdarasal ng para sa hustisya.

Ang ginawa nating pag-alay ay hindi mapipigilan ng mga tao kahit ano pa ang gawin nila o kahit sinuman pang ritualista o manggagamot ang puntahan nila. Ito ay dahil sila ang may kasalanan talaga. Pwera na lang kung sila mismo ang maghingi ng patawad sa yo at gawin nila ang tamang katumbas sa kung ano man ang ginawa nila sa yo. Ibig sabihin nito ay ibalik nila ang ninakaw nila, isaayos kung ano man ang sinira nila o ano pa mang kailangan gawin.

Kung halimbawa ay mabigat talaga ang ginawa nila sa yo na karapatdapat na talaga kunin din ang buhay nila, mangyayari yan basta makatumbas ang enerhiya ng ritual sa kabigatan ng kasalanan nila. Sa ganitong mangyayari, hindi ito masama kasi ang Diyos ang maghuhusga sa kanila na pinadaan sa mga santos. Hindi tayo ang pumatay sa kanila.

Ang ritual sa hustisya ay makatulong sa yo na mas maging mapayapa na ang kalooban mo at hindi ka na mag-alala sa kung paano ka mabayaran sa kasalanang ginawa sa yo. Magtiwala ka lang sa proseso, magpatuloy sa kabanalan at magdasal sa araw-gabi sa tinuro namin sa Gabay sa Pagdasal at Dasal sa Hustisya. Ang hustiya galing sa Diyos ay nangyayari na para sa yo. Maghintay ka na lang, magtiwala at manood. God bless.